




## Ano ang pagpigil sa pinagmulan?

Ang pagpigil sa pinagmulan ay ang proseso ng paghahanap ng mga pinagmulan ng polusyon, at pagpigil o pagbawas sa mga ito bago ang mga ito ay umabot sa sistema ng kanal at lokal na mga daanan ng tubig.

Bumisita sa website ng pagpigil sa pinagmulan

## I-download ang polyetang ito

El folleto se puede bajar del internet en español.
Maida-download ang brochure sa Tagalog online.
Tập sách nhỏ có sẵn để tải xuống trực tuyến bằng tiếng Việt.

## Bakit sinusuri ang mga negosyo

Nakikipagtulungan ang Lungsod ng Snohomish sa mga may-ari ng pag-aari at mga negosyo upang pigilan ang polusyon sa tubig bagyo sa pinagmulan nito. Sa pamamagitan ng pinakamahusay na mga kasanayan sa pangangasiwa (BMPs, best management practices), makatitipid ka ng pera sa negosyo, makatutulong sa lokal na mga sapa at susuportahan ang posibitong pampublikong imahe.



## Inaatas ba ang programang ito?

Ang Lungsod ng Snohomish ay kinakailangang bumuo at magpatupad ng programa sa pagpigil sa pinagmulan sa ilalim ng pederal na Batas sa Malinis na Tubig.

Sinusuri ng pangangasiwa ng ibabaw ng tubig ang pampubliko at pribado, komersiyal at industriyal na mga operasyon para sa pagsunod sa Kodigo ng Munisipyo ng Snohomish (SMC 15.16.065 Kinakailangang Pinakamahusay na Mga Kasanayan sa Pamamahala) at Manuwal sa Pangangasiwa ng Tubig Bagyo ng Estado ng Washington Kagawaran ng Ekolohiya para sa Kanlurang Washington (Tomo IV Pinakamahusay na mga Kasanayan sa Pangangasiwa ng Pagpigil sa Pinagmulan).

## Ulan lang sa kanal.

# MGA PAGSUSURI SA NEGOSYO PARA SA PAGKONTROL NG PINAGMULAN

***Pigilan ang polusyon sa pinagmulan nito.***







**Ang malinis na tubig ay pakialam ng lahat.**

Inilatha ng may pahintulot mula sa Lungsod ng Everett

# Paano bawasan ang polusyon sa tubig bagyo mula sa iyong negosyo

**Ipaskil ang gabay na ito bilang paalala sa mga empleyado.**




## Pangalawang sisidlan ng tapon

✓ **Sukatin** ang laki ng pangalawang sisidlan ng tapon upang magkasya ang hindi bababa sa:

- 10% ng dami ng lahat ng mga sisidlan, o
- 110% ng dami ng pinakamalaking sisidlan, alinman ang mas malaki

✓ **Takpan** ang pangalawang sisidlan ng tapon kapag itinabi sa labas.




Paleta ng pangalawang sisidlan ng tapon.

## Mga aktibidad sa paglilinis at paghuhugas

✓ Magtalaga ng lugar para sa paghuhugas para sa paglilinis ng kagamitan (mga kariton, sapin sa sahig, basurahan, sasakyan, atbp.) na hindi tumatapon sa mga kanal.

## Maghanda ng mga gamit para sa tapon at iwasan ang mga tapon

✓ **Ihinto**, pigilan, at linisin ang lahat ng mga tapon kaagad.

✓ **Mag-imbak** ng mga gamit para sa tapon malapit sa mga lugar na may mataas na potensyan sa mga tapon.

✓ **Bumuo** at magpatupad ng plano sa tapon.

✓ **Tatakan** ang mga sisidlan.




Harangan ang mga kanal kung mangyari ang pagtapon.

## Pigilan ang mga tagas at panatilihin ang mga kagamitan

✓ **Panatilihin** ang mga kagamitan nang regular sa pamamagitan ng pagsusuri para sa mga tagas

✓ **Kumpinihin** kaagad ang mga tagas.

✓ **Saluhin** ang mga tagas at tulo gamit ang sisidlan.

✓ **Magsagawa** ng mga aktibidad ng pagpapanatili sa loob o sa ilalim ng bubong

## Panatilihin ang mga basurahan aat compactor ng basura

✓ **Isara** ang mga takip ng mga basurahan upang hindi pasukan ng tubig ulan

✓ **Panatilihing** nasa loob ang basura sa basurahan o sisidlan.

✓ **Suriin** ang mga basurahan, mga compactor ng basura at mga lugar ng imbakan ng basura para sa mga tadas o mantsa.



Isara ang mga takip ng mga basurahan upang hindi pasukan ng tubig ulan.

**Iulat ang mga tapon sa 425.328.7912 o online sa snohomish.portal.iworq.net**

Inilathala ng may pahintulot mula sa Lungsod ng Everett